



**SA BRO-PAG-IBIG,
MAY IPON AT BENEFISYO NA,
MAGKAKABAHAY PA!**

Sa ilalim ng batas, maaari nang mag-miyembro sa Pag-IBIG Fund ang mga magsasaka. Kabilang na dito ang mga Small Farmers ng Isabela o yung mga magsasaka o nagtatrabaho sa mga bukid na may hanggang isang ektarya lamang ang laki.

Sa kauna-unahang pagkakataon, ang Small Farmers ng Isabela ay maaari nang maging Pag-ibig Fund Member. Dahil ang Provincial Government o Kapitolyo ng Isabela ay may BRO – PAG-IBIG Program kung saan kapitolyo na rin ang magbabayad ng kanilang buwanang kontirbusyon o monthly membership contribution o share na Php 100.00.

FREE MEMBERSHIP! Libreng pagpapamiyembro mula sa Kapitolyo!

NO MONTHLY PAYMENTS! Kapitolyo na ang sasagot sa monthly share o contribution!

ANO-ANO ANG MGA BENEFISYO AT PAKINABANG SA ILALIM NG BRO – PAG-IBIG!

✓ Magsisilbing ipon ang buwanang kontribusyon. Ang ipon na ito ay garantisado ng gobyerno kaya't ligtas ito hanggang sa kailanganin mo.

✓ Kikita pa ng mataas na dibidendo ang naipon sa BRO – Pag-Ibig at hindi ito bubuwisan. Kaya ang halaga ng ipon ay pwedeng madoble o matriple pagdating ng panahon.

✓ May Death Benefit Grant

✓ Makakautang (Short-term or Multi-Purpose Loans) para sa:

- Mga biglaang pangangailangan
- Tuition Fees ng mga anak
- Kailangang gamot kapag nagkasakit
- Pambili ng gamit sa bahay
- Dagdag gastusin sa panahon ng kalamidad

✓ Makakakuha ng Housing Loans na may mababang interest at mahabang repayment period

MAARING DAGDAGAN NG SMALL FARMER ANG MONTHLY SHARE PARA MAS MALAKI ANG SAVINGS, MAS LALAKI ANG DIBIDENDO, AT MAS MALAKI ANG MAUUTANG!

KAILAN PWEDENG MAKUHA ANG IMPOK O SAVINGS SA BRO-PAGIBIG?

1. Kapag ang miyembro ay natanggal sa trabaho dahil sa sakit.
2. Kapag namatay ang miyembro.
3. Kapag permanenteng nabaldado o nawala ang katinuan ng miyembro
4. Kapag nagdesisyong tumira ng permanente sa ibang bansa.
5. Kapag nagretiro sa pagtatrabaho ang miyembro sa edad na 60 (optional) o 65 (mandatory)
6. Pagsapit ng maturity ng membership matapos ang 20 years ng paghuhulog ng kontribusyon o 240 months ng paghuhulog.

SA P100.00 BUWANANG IMPOK NA SAGOT NG PROVINCIAL GOVERNMENT, MAY MADUDUKOT ANG MIYEMBRONG MANGANGAILANGAN!

AT SA MAS MATAAS NA KONTRIBUSYON,

..... MAS MALAKING DIBIDENDO ANG KIKITAIN KADA TAON!

KONTRIBUSYON / IMPOK KADA BUWAN	Halaga ng impok pagkatapos ng 20 taon (sa 4% dividend rate ng Pag-ibig)*
P100.00	P36,507.92
P300.00	P109,523.77
P400.00	P146,031.70
P600.00	P219,047.55
P700.00	P255,555.47

**Ang taunang dividend rate ay nagbabago taon-taon*

..... MAS MALAKI DIN ANG MAUUTANG NA MULTI-PURPOSE LOAN!

Bukod sa nagsisilbing impok ang BRO – PAG-IBIG contributions, kapag nakapaghulog na ng 24 buwan na kontribusyon, maari nang umutang. May Short-Term o Multi-Purpose Loans at Calamity Loans na bukas sa mga miyembro ng BRO – PAG-IBIG at ang halaga ng mauutang ay base sa kabuuang impok.



BUWANANG IMPOK o KONTRIBUSYON	BILANG NG BUWAN NG PAG-IIMPOK	HALAGANG MAAARING UTANGIN SA MULTI-PURPOSE LOAN
Php100.00 hanggang Php300.00	24 hanggang 60 na buwan 61 hanggang 120 na buwan	P1,440 hanggang P10,800 P4,270 hanggang P25,200
Php400.00 hanggang Php600.00	24 hanggang 60 na buwan 61 hanggang 120 na buwan	P5,760 hanggang P21,600 P17,080 hanggang P50,400
Php700.00 hanggang Php900.00	24 hanggang 60 na buwan 61 hanggang 120 na buwan	P10,080 hanggang P32,400 P29,890 hanggang P75,600
Php1,000.00 hanggang Php1,200.00	24 hanggang 60 na buwan 61 hanggang 120 na buwan	P14,400 hanggang P43,200 P42,700 hanggang P100,800

..... AT MAS MALAKI ANG MAUUTANG NA HOUSING LOAN!



Dahil kailangan ang kahandaan para sa kaligtasan ng pamilya sa panahon ng Climate Change, ang pangarap ng Small Farmers na matibay at ligtas na tahananang masisilungan ay matutupad na sa BRO – PAG-IBIG Program.



MABABANG MONTHLY PAYMENT DAHIL ANG PAGIBIG
 ABOT-KAYANG PABAHAY HOUSING LOAN
 AY MAY LOW INTEREST WITH LONG REPAYMENT
 PERIOD!

BUWANANG IMPOK	PINAKAMALAKING PWEDENG UTANGIN	INTERES KADA TAON
P50 hanggang P200	Hanggang P450,000	4.5%
P250 hanggang P350	Higit sa P450,000 hanggang P750,000	6.5%

MAGPA-REHISTRO NA SA SUSUNOD NA FARMERS' CONGRESS SA INYONG BAYAN AT ALAMIN ANG MGA IBA PANG BENEPISYONG NAGHIHINTAY SA INYO SA ILALIM NG BRO FARMER ASSISTANCE PROGRAM NG PROVINCIAL GOVERNMENT OF ISABELA

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita o tumawag sa PAG-IBIG FUND CAUAYAN BRANCH, Cauayan City, Isabela at hanapin sina:

MR. CIRIACO S. VASQUEZ

Branch Head
 Pag-IBIG Fund Cauayan Branch
 2nd Floor, Bucag Building, Don Jose Canciller Avenue
 3505 Cauayan City, Isabela
 (078) 652-2470, (078) 652-2883

MR. REYNANTE LUIS PASARABA

Members Services Officer IV
 Pag-IBIG Fund Cauayan Branch
 2nd Floor, Bucag Building, Don Jose Canciller Avenue
 3505 Cauayan City, Isabela
 (078) 652-2470, (078) 652-2883



Republic of the Philippines
PROVINCE OF ISABELA
 City of Ilagan



BRO
Pag-IBIG

**MAS MAGAANG BUHAY,
 MAS MATIBAY NA BAHAY!**

